

# Bakuna para sa Hepatitis B

## Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)  
Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

### 1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang Hepatitis B ay malubhang sakit na nakakaapekto sa atay. Dulot ito ng hepatitis B virus. Ang hepatitis B ay maaaring maging sanhi ng banayad na sakit na nagtatagal nang ilang linggo o maaaring magdulot ito ng malubhang panghabang-buhay na sakit.

Ang impeksiyon ng hepatitis B virus ay maaaring malala o hindi gumagaling.

**Ang malalang impeksiyon ng hepatitis B virus** ay isang panandaliang sakit na nagaganap sa loob ng unang 6 na buwan matapos malantad ang isang tao sa hepatitis B virus. Maaaring magdulot ito ng:

- lagnat, kapaguran, kawalan ng ganang kumain, pagduruwal, at/o pagsusuka
- jaundice (madilaw na balat o mga mata, matingkad na kulay ng ihi, mapusyaw na kulay ng dumi)
- pananakit sa mga kalamnan, kasukasuan at tiyan.

**Ang hindi gumagaling na impeksiyon ng hepatitis B virus** ay isang pangmatagalang sakit na nagaganap kapag ang hepatitis B virus ay nananatili sa katawan ng tao. Karamihan ng tao na nagkakaroon ng hindi gumagaling na hepatitis B ay walang mga sintomas, ngunit napakalubha pa rin nito at maaaring magdulot ng:

- pagkasira ng atay (cirrhosis)
- kanser ng atay
- kamatayan

Ang mga taong may hindi gumagaling na impeksiyon ay maaaring makahawa ng hepatitis B virus sa ibang tao, kahit na hindi nila nararamdaman na may sakit sila o hindi mukhang may sakit. Hanggang 1.4 milyong tao sa Estados Unidos ang maaaring may hindi gumagaling na impeksiyon ng hepatitis B. Mga 90% ng mga sanggol na nagkakaroon ng hepatitis B ay hindi gumagaling ang impeksiyon at namamatay ang mga 1 sa 4 sa kanila.

Kumakalat ang hepatitis B kapag ang dugo, semilya o ibang likido ng katawan na naimpeksiyon ng Hepatitis B virus ay pumasok sa katawan ng tao na walang impeksiyon. Maaaring maimpeksiyon ng virus ang mga tao sa pamamagitan ng:

- Panganganak (ang sanggol na may impeksiyon ang ina ay maaaring maimpeksiyon sa pagkapanganak o matapos ipanganak)
- Pakikigamit ng mga bagay tulad ng labaha o sipilyo sa may impeksiyong tao
- Kontak sa dugo o bukas na sugat ng may impeksiyong tao
- Pakikipagtalik sa may impeksiyong kapareha
- Pakikigamit ng mga karayom, hirlinggilya o ibang kagamitang pang-iniksiyon ng gamot
- Pagkalantad sa dugo mula sa mga pantusok na karayom o iba pang matatalas na instrumento

Bawat taon, mga 2,000 ka tao sa Estados Unidos ay namamatay sa sakit na kaugnay ng hepatitis B sa atay.

**Ang bakuna para sa hepatitis B** ay makakahadlang sa hepatitis B at mga kahihinatnan nito kabilang ang kanser sa atay at cirrhosis.

### 2 Bakuna sa Hepatitis B

Ang bakuna sa hepatitis B ay gawa mula sa mga bahagi ng hepatitis B virus. Hindi ito maaaring maging sanhi ng impeksiyon ng hepatitis B. Ang bakuna ay karaniwang ibinibigay bilang 2, 3 o 4 na iniksiyon sa loob ng 1 hanggang 6 na buwan.

**Ang mga sanggol** ay dapat makatanggap ng una nilang dosis ng bakuna para sa hepatitis B sa pagkapanganak at karaniwang makukumpleto ang serye sa 6 na buwang gulang.

Lahat **ng bata at nagbibinata o nagdadalaga** na mas bata sa 19 taong gulang na hindi pa nakakuha ng bakuna ay dapat ring mabakunahan.

Inirerekomenda ang bakuna sa hepatitis B para sa hindi pa nababakunahang **mga nasa tamang edad** na nasa panganib sa impeksiyon ng hepatitis B virus, kasama ang:

- Mga taong ang kapareha sa pagtatalik ay may hepatitis B
- Mga taong aktibo sa pakikipagtalik na wala sa isang pangmatagalang pakikipagrelasyon sa iisang tao
- Mga taong naghahangad ng pagsusuri o paggamot sa sakit na naikakalat sa pakikipagtalik
- Mga lalaking nakikipagtalik sa ibang kalalakihan
- Mga taong nakikigamit ng mga karayom, hirlinggilya o ibang kagamitang pang-iniksiyon ng gamot
- Mga taong may kontak sa tahanan sa taong naimpeksiyon ng hepatitis B virus
- Mga manggagawa sa pag-aalaga ng kalusugan at pampublikong kaligtasan na namimiligrong malantad sa dugo o likido ng katawan
- Mga residente at kawani ng mga pasilidad para sa pagkakaroon ng pisikal o mental na kapansanan
- Mga tao sa mga koreksiyonal na pasilidad
- Mga biktima ng sekswal na pag-atake o pang-aabuso
- Mga biyahero sa mga rehiyong may mas mataas na insidente ng hepatitis B
- Mga taong may hindi gumagaling na sakit sa atay, sakit sa bato, impeksiyon ng HIV, o diyabetes
- Sinumang nagnanais na maprotektahan mula sa hepatitis B

Walang napag-aalamang mga panganib sa pagkakaroon ng bakuna sa hepatitis B kasabay ng mga ibang bakuna.

### 3 Ang ilang tao ay hindi dapat tumanggap ng bakunang ito

Sabihin sa taong magbibigay ng bakuna:

- **Kung ang taong magpapabakuna ay may anumang malalang allergy na mapanganib sa buhay.**  
Kung nagkaroon ka ng mapanganib sa buhay na allergic na reaksiyon matapos ang isang dosis ng bakuna sa hepatitis B, o may malalang allergy sa anumang bahagi ng bakunang ito, maaaring payuhan kang huwag magpapabakuna.  
Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung nais mo ng impormasyon tungkol sa mga sangkap ng bakuna.
- **Kung hindi maganda ang pakiramdam ng taong nagpapabakuna.**  
Kung may banayad kang sakit, tulad ng sipon, malamang ay maaari kang magpapabakuna ngayon. Kung ikaw ay may katamtaman o matinding sakit, dapat kang maghintay hanggang sa gumaling ka. Mapapayuhan ka ng iyong doktor.

### 4 Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

Sa anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, may tsansa ng mga side effect. Karaniwan ay banayad ang mga ito at mawawala nang kusa subalit posible rin ang mga malubhang reaksiyon.

Karamihan sa mga tao na nagpapabakuna sa hepatitis B ay hindi nagkakaroon ng anumang mga problema rito.

**Ang mga maliit na problema** kasunod ng bakuna sa hepatitis B ay kabilang nang:

- pananakit sa lugar na ininiksiyonan
- temperaturang 37.7°C (99.9°F) o mas mataas

Kapag naganap ang mga problemang ito, karaniwan silang nagsisimula kaagad makalipas ang pag-iniksiyon at nagtatagal ng 1 hanggang 2 araw.

Masasabi sa iyo ng iyong doktor ang higit pa tungkol sa mga reaksiyong ito.

**Iba pang mga problema na maaaring mangyari pagkatapos ng bakunang ito:**

- Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang isang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga nang mga 15 minuto ay makakatulong na mapigilan ang pagkahimatay at mga pinsalang dulot ng pagbagsak. Sabihin sa iyong tagapaglaan kung nakakaramdam ka ng pagkahilo, o may mga pagbabago sa paningin o paghugong sa tainga.
- Ang ilang tao ay sumasakit ang balik at na maaaring mas malala at mas matagalan kaysa sa mas karaniwang pananakit na maaaring sumunod sa mga pag-iniksiyon. Nangyayari ito nang napakadalang.
- Ang anumang gamot ay maaaring magdulot ng isang matinding allergic na reaksiyon. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa isang bakuna ay napakabihira, na tinatayang mga 1 sa isang milyong dosis, at nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magiging sanhi ng malubhang pinsala sa katawan o kamatayan.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa dagdag pang impormasyon, bumisita sa: [www.cdc.gov/vaccinesafety/](http://www.cdc.gov/vaccinesafety/)

ÖÔËÉ Í €V

CEWP KÚËP ÆÜËÖ&Á ÇÛ^&ÇFG Ê

Translation provided by the Immunization Action Coalition

### 5 Paano kung may isang malubhang problema?

**Ano ang dapat kong hanapin?**

- Magbantay sa anumang iba pang bagay na ikakabahala mo, tulad ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o di-pangkaraniwang pag-uugali.

Ang mga palatandaan ng isang **matinding allergic na reaksiyon** ay maaaring kabilang ang mga tagulabay, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na pintig ng puso, pagkahilo at panghihina. Magsisimula ito nang ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

**Ano ang dapat kong gawin?**

- Kung sa iyong palagay ay isa itong **matinding allergic na reaksiyon** o iba pang emerhensiya na hindi makapaghintay, tumawag sa 9-1-1 o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tumawag sa iyong klinika.

Pagkatapos, dapat iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna) (VAERS). Maaaring isumite ng iyong doktor ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.

### 6 Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala sa Bakuna) (VICP) ay isang pederal na programa na nilikha upang mabayaran ang mga taong maaaring napinsala ng ilang mga bakuna.

Ang mga taong naniniwala na maaaring napinsala sila ng bakuna ay maaaring makakuha ng kaalaman tungkol sa programa at tungkol sa pagsasampa ng claim sa pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation). May limitasyon sa panahon ng pagsasampa ng claim para sa kabayaran.

### 7 Paano ako makakakuha ng karagdang kaalaman?

- Magtanong sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Siya ay maaaring magbigay sa iyo ng insert sa pakete ng bakuna o magmungkahi ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit) (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Pumunta sa website ng CDC sa [www.cdc.gov/vaccines](http://www.cdc.gov/vaccines)

Vaccine Information Statement  
**Hepatitis B Vaccine**  
Tagalog



Office use only

10/12/2018 | 42 U.S.C. § 300aa-26

## Tagalog

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medikal ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medikal.